

難民等認定手続案内
Gabay sa Pamamaraan sa
Pagkilala ng Refugee atbp.
【第 6 版】
【Ika-6 na edisyon】

2024 年 12 月
Disyembre ng taong 2024
出入国在留管理庁
Immigration Services Agency

はじめに Panimula

難民認定手続案内（第 1 版）は、我が国の難民の地位に関する条約等への加入に伴い、難民認定手続を整備するため、1981 年に一部改正された出入国管理及び難民認定法を基に編集したものです。

Pinagsama-sama ang Gabay sa Pamamaraan sa Pagkilala ng refugee (Unang edisyon) batay sa Immigration Control and Refugee Recognition Act na bahagyang binago noong taong 1981 upang ayusin ang mga Pamamaraan sa Pagkilala ng refugee kasunod ng pagpasok ng Japan sa mga kasunduang may kaugnayan sa katayuan ng mga regucee.

その後、2004 年 6 月 2 日に公布された、仮滞在許可制度及び難民審査参与員制度の創設を内容とする「出入国管理及び難民認定法の一部を改正する法律」の内容を基に、加筆・修正を加えて第 2 版を発行、一時庇護手続について記載した第 3 版を発行、2009 年 7 月 15 日に公布された、新たな在留管理制度の導入を内容とする「出入国管理及び難民認定法の一部を改正する法律」の内容を基に加筆・修正を加えた第 4 版を発行、2016 年 4 月 1 日に施行された、不服申立ての手続を審査請求に一元化することなどを内容とする行政不服審査法の全部改正を受けて第 5 版を発行してまいりました。

Pagkatapos, inilabas ang ikalawang edisyon na may mga karagdagan at rebisyon batay sa “Batas upang bahagyang baguhin ang Immigration Control and Refugee Recognition Act” na ipinahayag noong ika-2 ng Hunyo ng taong 2004 at may nilalamang tungkol sa pagtatag ng Provisional Stay Permit System at ng Refugee Examination Counselor System, inilabas ang ikatlong edisyon na may mga pagsasaad tungkol sa pamamaraan ng pansamantalang pagpapakupkop, inilabas ang ika-4 na edisyon na may mga karagdagan at rebisyon batay sa “Batas upang bahagyang baguhin ang Immigration Control and Refugee Recognition Act” na ipinahayag noong ika-15 ng Hulyo ng taong 2009 na may nilalamang tungkol sa pagsisimula ng bagong Sistema ng Pamamahala ng Paninirahan, at inilabas ang ika-5 edisyon bilang tugon sa ganap na rebisyon ng Administrative Appeal Act na nagkabisa noong ika-1 ng Abril ng taong at 2016, kasama ang pag-iisa ng mga pamamaraan ng apela sa mga kahilingan para sa pagsusuri.

今般、2018 年 12 月 14 日に公布された、出入国在留管理庁の設置等を内容とする、「出入国管理及び難民認定法及び法務省設置法の一部を改正する法律」及び 2023 年 6 月 16 日に公布された、補完的保護対象者認定制度の創設等を内容とする、「出入国管理及び難民認定法及び日本国との平和条約に基づき日本の国籍を離脱した者等の出入国管理に関する特例法の一部を改正する法律」の内容を基に加筆・修正を加えた第 6 版を発行するものです。

Sa pagkakataong ito, inilabas ang ika-6 na edisyon na may mga karagdagan at rebisyon batay sa “Batas upang bahagyang baguhin ang Immigration Control and Refugee Recognition Act at Act for Establishment of the Ministry of Justice” na ipinahayag noong ika-14 ng Disyembre ng taong 2018 na may nilalamang tungkol sa paglalagay at iba pa ng Immigration Services Agency ng Japan at “Batas upang bahagyang baguhin ang Immigration Control and Refugee Recognition Act at batas upang bahagyang baguhin ang Special Immigration Control Act para sa mga taong nawalan ng nasyonalidad ng Hapon alinsunod sa Treaty of Peace with Japan” na ipinahayag noong ika-16 ng Hunyo ng taong 2023 na may nilalamang tungkol sa pagtatag ng Sistema ng Sertipikasyon ng Karagdagang Proteksyon.

2024 年 12 月
Disyembre ng taong 2024

出入国在留管理庁
Immigration Services Agency

目次
Mga nilalaman

第 1	日本の難民認定制度及び補完的保護対象者認定制度の概要	1
Seksyon 1:	Pangkalahatang-ideya ng Sistema ng Pagkilala sa Refugee at Sistema ng Pagkilala sa Taong Napapailalim sa Komplementaryong Proteksyon ng Japan	1
第 2	難民の認定又は補完的保護対象者の認定を受けた外国人が 享受できる利益	3
Seksyon 2:	Mga benepisyong makukuha ng mga dayuhang mamamayan na kinikilala bilang mga refugee o mga taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon	3
1	永住許可要件の一部緩和	3
1	Bahagyang pagpapaluwag ng mga kinakailangan para sa pahintulot ng permanenteng paninirahan	3
2	難民旅行証明書の交付（難民の認定を受けた外国人に限ります。）	3
2	Pag-isyu ng mga dokumento sa paglalakbay ng refugee (para lamang sa mga dayuhan na kinilala bilang mga refugee)	3
第 3	難民等認定手続	5
Seksyon 3:	Pamamaraan sa Pagkilala ng Refugee atbp.	5
1	申請手続	5
1	Pamamaraan ng aplikasyon	5
(1)	申請期間	5
(1)	Panahon ng aplikasyon	5
(2)	申請窓口	5
(2)	Tanggapan ng aplikasyon	5
(3)	申請に必要な書類	5
(3)	Mga dokumentong kinakailangan para sa aplikasyon	5
(4)	難民又は補完的保護対象者であることの立証	8
(4)	Patunay ng katayuan ng refugee o komplementaryong proteksyon	8
2	仮滞在の許可	8
2	Pahintulot para sa Pansamantalang pananatili	8
(1)	仮滞在許可による滞在	9
(1)	Pananatili sa ilalim ng Pahintulot para sa Pansamantalang pananatili	9
(2)	仮滞在許可書	9
(2)	Pahintulot para sa Pansamantalang Pananatili	9
(3)	仮滞在期間及び同期間の延長	9
(3)	Panahon ng pansamantalang pananatili at pagpapalawig ng panahong ito	9
(4)	仮滞在許可の条件	10
(4)	Mga kundisyon para sa pahintulot sa pansamantalang pananatili	10
(5)	報酬を受ける活動の許可	10
(5)	Pahintulot para sa mga aktibidad na may bayad	10

(6) 仮滞在の許可の取消し	12
(6) Pagkansela ng pahintulot para sa pansamantalang pananatili	12
3 難民認定証明書等の交付	12
3 Pagbibigay ng Sertipiko ng Pagkilala sa Refugee atbp.	12
4 在留資格に係る許可	13
4 Pahintulot na may kaugnayan sa Katayuan ng Paninirahan	13
第4 審査請求.....	14
Seksyon 4: Kahilingan para sa pagsusuri.....	14
1 審査請求手続	14
1 Pamamaraan ng paghiling para sa pagsusuri	14
(1) 審査請求人.....	14
(1) Umaapela	14
(2) 審査請求ができる期間.....	14
(2) Panahon kung kailan maaaring gawin ang isang kahilingan para sa pagsusuri	14
(3) 審査請求の窓口	14
(3) Tanggapan ng kahilingan sa pagsusuri	14
(4) 審査請求に必要な書類	15
(4) Mga dokumentong kinakailangan para sa kahilingan ng pagsusuri.....	15
2 難民審査参与員	15
2 Mga Tagapayo sa Pagsusuri ng Refugee	15
3 法務大臣の裁決	15
3 Pagpapasya ng Ministro ng Hustisya.....	15
第5 難民旅行証明書.....	17
Seksyon 5: Refugee Travel Document.....	17
1 申請窓口	17
1 Tanggapan ng Aplikasyon	17
2 申請に必要な書類	17
2 Mga dokumentong kunapailangan para sa aplikasyon	17
(1) 提出書類.....	17
(1) Mga dokumentong isusumite	17
(2) 提示書類.....	18
(2) Mga dokumentong ipapakita.....	18
3 難民旅行証明書の有効期間	18
3 Bisa ng Refugee Travel Document.....	18
4 手数料	19
4 Bayad.....	19
第6 一時庇護のための上陸許可	20

Seksyon 6: Pansamantalang pahintulot sa paglapag ng refugee	20
1 申請	20
1 Aplikasyon.....	20
(1) 対象者.....	20
(1) Taong naaangkop.....	20
(2) 申請方法.....	20
(2) Paraan ng aplikasyon.....	20
2 申請に必要な書類	21
2 Mga dokumentong kinakailangan para sa aplikasyon	21
(1) 提出書類.....	21
(1) Mga dokumentong isusumite	21
(2) 提示書類.....	21
(2) Mga dokumentong ipapakita.....	21
3 一時庇護許可書の交付	21
3 Pag-isyu ng Pahintulot sa Pansamantalang Kanlungan	21
付録 難民認定手続・補完的保護対象者認定手続図解.....	22
Apendiks: Diagram ng pamamaraan ng pagkilala sa refugee at pamamaraan ng pagkilala sa taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon	22

第 1 日本の難民認定制度及び補完的保護対象者認定制度の概要

Seksyon 1: Pangkalahatang-ideya ng Sistema ng Pagkilala sa Refugee at Sistema ng Pagkilala sa Taong Napapailalim sa Komplementaryong Proteksyon ng Japan

難民の地位に関する条約（以下「難民条約」という。）及び難民の地位に関する議定書（以下「議定書」という。）が 1982 年に我が国について発効したことに伴い、難民条約及び議定書の諸規定を国内で実施するため、難民認定制度が整備されました。この制度では、難民である外国人は、難民認定申請を行い、法務大臣から難民であるとの認定を受けることができ、また、難民条約に規定する難民としての保護を受けることができます。

Kasabay ng pagpasok ng Japan sa kasunduang may kaugnayan sa katayuan ng mga refugee (mula rito ay tinutukoy bilang “Refugee Convention”) at mga protocol na may kaugnayan sa katayuan ng mga refugee (mula rito ay tinutukoy bilang “Protocol”) noong taong 1982, itinatag ang Sistema ng Pagkilala sa mga Refugee upang ipatupad ng mga probisyon ng Refugee Convention at mga Protocol sa loob ng bansa. Sa ilalim ng sistemang ito, ang mga dayuhang refugee ay maaaring mag-aplay para sa katayuan ng refugee, tumanggap ng pagkilala bilang refugee mula sa Ministro ng hustisya, at makatanggap ng proteksyon bilang mga refugee ayon sa itinakda sa Refugee Convention.

本案内でいう「難民」とは、難民条約第1条又は議定書第1条の規定により定義される難民を意味し、それは、人種、宗教、国籍、特定の社会的集団の構成員であること又は政治的意見を理由として迫害を受けるおそれがあるという十分に理由のある恐怖を有するために国籍国の外にいる者であって、その国籍国の保護を受けることができないか又はそれを望まない者とされています。

Sa Gabay na ito, ang terminong "refugee" ay nangangahulugang isang refugee gaya ng tinukoy sa Artikulo 1 ng Convention o Artikulo 1 ng Protocol, na tumutukoy sa isang tao na nasa labas ng bansa ng kaniyang nasyonalidad sa kadahilananang may mga sapat na batayan na takot ng pag-uusig dahil sa lahi, relihiyon, nasyonalidad, pagiging miyembro ng isang partikular na pangkat ng lipunan o opinyong pampulitika, at hindi siya makakatanggap ng proteksyon ng bansa ng kaniyang nasyonalidad o hindi niya gustong tumanggap nito.

難民認定手続とは、外国人がこの難民の地位に該当するかどうかを審査し決定する手続です。

Ang Mga Pamamaraan sa Pagkilala ng refugee ay proseso ng pagsusuri at pagtukoy kung naaangkop ang isang dayunan para sa katayuan ng refugee.

一方で、近年、紛争避難民のように、難民条約上の難民には該当しないものの、難民と同様に保護を必要とする外国人が増加していることを受け、2023 年 12 月 1 日、補完的保護対象者認定制度が開始されました。この制度では、本邦にある外国人は、難民認定申請又は補完的保護対象者認定申請を行い、法務大臣から補完的保護対象者であるとの認定を受けることができます（難民認定申請をした外国人について、難民の認定をしない処分がされる場合に、当該外国人が補完的保護対象者に該当すると認められるときは、補完的保護対象者として認定されます。）。

Sa kabilang banda, nitong mga nakaraang taon, bilang tugon sa pagdami ng mga dayuhan na hindi kwalipikado bilang mga refugee sa ilalim ng Refugee Convention, tulad ng mga conflict refugee, ngunit nangangailangan ng proteksyon na katulad ng sa mga refugee, isang sistema ng pagkilala sa taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon ang inilunsad noong Disyembre 1, 2023. Sa ilalim ng sistemang ito, ang mga dayuhang mamamayan sa Japan ay maaaring mag-aplay para sa katayuan ng refugee o katayuan ng komplementaryong proteksyon at kinikilala sila ng Ministro ng Hustisya bilang mga taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon (kung ang

isang dayuhang nasyonal na nag-apply para sa katayuan ng refugee ay hindi kinikilala bilang isang refugee, ngunit naaangkop siya bilang isang taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon, siya ay makikilala bilang isang taoang napapailalim sa komplementaryong proteksyon).

本案内でいう「補完的保護対象者」とは、難民条約上の難民以外の者であって、難民条約上の要件のうち、「迫害を受けるおそれがある理由が、人種、宗教、国籍、特定の社会的集団の構成員であること又は政治的意見であること」以外の要件を満たす者とされています。

Sa gabay na ito, ang "taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon" ay tinukoy bilang isang tao maliban sa isang refugee gaya ng tinukoy ng Refugee Convention, na nakakatugon sa lahat ng mga kinakailangan sa Refugee Convention maliban sa "maaaring siyang usigin ay dahil sa lahi, relihiyon, nasyonalidad, pagiging kasapi ng isang partikular na grupong panlipunan o opinyong pampulitika".

なお、本案内において、難民と補完的保護対象者を合わせて「難民等」といい、難民認定手続と補完的保護対象者認定手続を合わせて「難民等認定手続」といいます。

Bilang karagdagan, ang mga refugee at mga taong napapailalim sa komplementaryong sa gabay na ito ay sama-samang tinutukoy bilang "mga refugee, atbp.", at ang pamamaraan ng pagkilala sa mga refugee at ang pamamaraan ng pagkilala sa taong napapailalim sa komplementaryong proteksiyon ay sama-samang tinutukoy bilang ang "Paamamaraan ng pagkilala sa refugee, atbp.".

第2 難民の認定又は補完的保護対象者の認定を受けた外国人が 享受できる利益

Seksyon 2: Mga benepisyong makukuha ng mga dayuhang mamamayan na kinikilala bilang mga refugee o mga taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon

難民の認定又は補完的保護対象者の認定を受けた外国人は、次のような利益を受けることができます。

Ang mga dayuhan na kinikilala bilang mga refugee o mga taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon ay may karapatan sa mga sumusunod na benepisyo.

1 永住許可要件の一部緩和

1 Bahagyang pagpapaluwag ng mga kinakailangan para sa pahintulot ng permanenteng paninirahan

日本に在留する外国人が永住許可を受けるためには、

Upang makatanggap ng pahintulot sa permanenteng paninirahan ang isang dayuhang naninirahan sa Japan ay,

① 素行が善良であること

Mabuti ang pag-uugali

② 独立の生計を営むに足る資産又は技能を有すること

Pagkakaroon ng sapat na mga ari-arian o kakayahan upang suportahan ang sarili nang nakapag-iisa

の2つの要件を満たし、かつ、その者の永住が日本国の利益に合すると認められなければならないとされています。

At ang dalawang kinakailangang nito ay dapat matugunan, at ang permanenteng paninirahan ng tao ay dapat kilalanin bilang para sa interes ng Japan.

しかし、難民の認定又は補完的保護対象者の認定を受けて在留する外国人は、このうち②の要件を満たさない場合であっても、法務大臣の裁量により永住許可を受けることができます。

Gayunpaman, ang mga dayuhang naninirahan sa Japan na kinilala bilang mga tatanggap ng komplementaryong proteksyon ay maaaring bigyan ng permanenteng paninirahan sa pagpapasya ng Ministro ng Hustisya kahit na hindi nila naabot ang kinakailangan sa ②.

2 難民旅行証明書の交付（難民の認定を受けた外国人に限ります。）

2 Pag-isyu ng mga dokumento sa paglalakbay ng refugee (para lamang sa mga dayuhan na kinilala bilang mga refugee)

難民の認定を受けた外国人が外国に旅行しようとするときは、難民旅行証明書の交付を受けることができます。難民旅行証明書を所持する外国人は、その証明書に記載されている有効期間内であれば、原則として何度でも日本から出国し、日本に再入国することができます（申請手続等については、本案内第5を参照。）。

Kapag ang isang dayuhan na kinilala bilang isang refugee ay nagnanais na maglakbay sa ibang bansa, maaari siyang bigyan ng isang refugee travel document. Sa prinsipyo, ang mga dayuhan na may hawak na refugee travel document ay maaaring umalis at muling pumasok sa Japan anumang bilang ng beses sa loob ng panahon

ng bisa na nakasaad sa dokumento (para sa mga pamamaraan ng aplikasyon, atbp., tingnan ang Seksyon 5 ng gabay na ito).

なお、補完的保護対象者の認定を受けた外国人が外国に旅行しようとするときは、難民旅行証明書の交付は受けられないものの、再入国許可書の交付を受けることができます。

Bilang karagdagan, kapag ang isang dayuhan na kinilala bilang isang taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon ay maglalakbay sa ibang bansa, hindi siya bibigyan ng refugee travel document, ngunit bibigyan siya ng re-entry permit.

第3 難民等認定手続

Seksyon 3: Pamamaraan sa Pagkilala ng Refugee atbp.

1 申請手続

1 Pamamaraan ng aplikasyon

(1) 申請期間

(1) Panahon ng aplikasyon

難民等認定申請の期間について制限する規定はありません。

Walang mga regulasyon na naglilimita sa panahon ng aplikasyon para sa katayuan ng refugee.

(2) 申請窓口

(2) Tanggapan ng aplikasyon

難民等認定申請は、申請者の住居地（住居地がないときは宿泊先等の所在地。以下「住居地等」といいます。）を管轄する地方出入国在留管理局、支局及び出張所で行うことができます。

Ang mga aplikasyon para sa pagkilala sa katayuan ng refugee ay maaaring gawin sa Regional Immigration Bureau, sangay na tanggapan, o lokal na tanggapan na may hurisdiksyon sa lugar ng paninirahan ng aplikante (o, kung ang aplikante ay walang lugar ng paninirahan, ang lokasyon ng tirahan ng aplikante, atbp.; pagkatapos ay tinutukoy bilang "lugar ng paninirahan, atbp.").

申請は、申請者本人が自ら出頭して行ってください。ただし、申請者が16歳未満である場合や病気その他の理由により自ら出頭できない場合は、父母、配偶者、子又は親族がその者に代わって申請を行うことができます。

Ang aplikasyon ay dapat gawin nang personal ng aplikante. Gayunpaman, kung ang aplikante ay wala pang 16 taong gulang o hindi maaaring magpakita nang personal dahil sa sakit o iba pang kadahilanan, maaaring mag-aplay ang isang magulang, asawa, anak o ibang kamag-anak para sa kaniya.

地方出入国在留管理局・支局における窓口については、本案内の最終ページを参照してください。

Mangyaring sumangguni sa huling pahina ng gabay na ito para sa impormasyon sa mga counter sa Regional Immigration Bureau at mga sangay na tanggapan.

(3) 申請に必要な書類

(3) Mga dokumentong kinakailangan para sa aplikasyon

申請には、次の書類が必要です。なお、怪我や身体の障害などの特段の事情があるため難民・補完的保護対象者認定申請書の記載ができない外国人は、申請書に代えて申請書に記載すべき事項を入国審査官又は難民調査官に陳述してもよいことになっています。

Ang mga sumusunod na dokumento ay kinakailangan para sa aplikasyon. Bilang karagdagan, ang mga dayuhan na hindi makapag-fill up ng aplikasyon para sa katayuan ng refugee o komplementaryong proteksyon dahil sa mga espesyal na pangyayari tulad ng pinsala o pisikal na kapansanan ay maaaring

gumawa ng pahayag sa immigration inspector o refugee inquirer tungkol sa mga bagay na dapat punan sa application form bilang kapalit ng pagsagot sa application form.

① 提出書類


Mga dokumentong isusumite

- ア 難民・補完的保護対象者認定申請書（入管庁のホームページに掲載されているほか、窓口でも配布しています。） 1 通
Refugee/Complementary Protection Status Application Form (Ang form na ito ay makukuha sa website ng Immigration Services Agency at makukuha rin sa opisina ng imigrasyon.) 1 kopya
※過去に難民等の認定をしない処分を受けたことがある外国人は再申請用の申請書を提出する必要がありますので、御留意ください。
※ Pakitandaan na ang mga dayuhang mamamayan na tinanggihan ang katayuan ng refugee sa nakaraan ay kailangang magsumite ng reapplication form.
- イ 申請者が難民又は補完的保護対象者であることを証明する資料（難民又は補完的保護対象者であることを主張する陳述書を含む。） 1 通
Katibayan upang patunayan na ang aplikante ay isang refugee o isang taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon (kabilang ang isang pahayag na nagsasabing siya ay isang refugee o isang taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon) 1 kopya
- ウ 写真（以下の要件を満たし、裏面に氏名が記載されているもの。） 1 葉
Litrato (natutugunan ang mga sumusunod na kinakailangan at naka-print ang iyong pangalan sa likod) 1 piraso
（ただし、在留資格未取得外国人については、2 葉）
（Gayunpaman, para sa mga dayuhan na walang resident status, 2 piraso）

【要件】

【Mga kinakailangan】

- (ア) 申請者本人のみが撮影されたものであること
Ang litrato ay dapat na naglalaman lamang ng aplikante
- (イ) 写真の寸法
Sulat ng litrato
縁を除いた部分の寸法が、下記の寸法を満たしたものであること（顔の寸法は、頭頂部（髪を含む。）からあご先まで）
Ang mga sukat ng bahagi na hindi kasama ang mga gilid ay dapat matugunan ang mga sumusunod na sukat (mga sukat ng mukha ay mula sa tuktok ng ulo (kabilang ang buhok) hanggang sa dulo ng baba)



- (ウ) 無帽で正面を向いたものであること（宗教上又は医療上の理由により本要件を満たす写真を提出することができない特段の事情がある場合、当該事情に係る陳述書（任意様式）を提出してください。）

Ang litrato ay dapat na kinuha nang walang sumbrero at nakaharap sa harap. (Kung mayroon kang mga espesyal na pangyayari na pumipigil sa iyo na magsumite ng isang larawang nakakatugon sa mga kinakailangang ito dahil sa relihiyon o medikal na dahilan, mangyaring magsumite ng pahayag ng mga pangyayari (opsyonal na format).)

- (エ) 背景（影を含む。）がないものであること

Dapat walang background (kabilang ang mga anino).

- (オ) 鮮明であること（写真の焦点が合っているもの、しみ、汚れ、穴等がなく、顔写真に影がないもの、衣服や頭髮等により目、鼻、口等が隠れていないもの、背景がないもの等。出入国在留管理庁ホームページに掲載している申請用写真の見本・事例集を参照してください。）

Ang litrato ay dapat na malinaw (nakapokus, walang batik, dumi, butas, atbp., na walang anino sa mukha, hindi natatakpan ng damit o buhok, atbp. ang mata, ilong, bibig, atbp., at dapat walang background, atbp. Mangyaring sumangguni sa sample at mga halimbawa ng mga larawan ng aplikasyon na naka-post sa website ng Immigration Services Agency.)

- (カ) 提出の日前 6 か月以内に撮影されたものであること（入院中のため写真を撮影することができないなど、6 か月以内に撮影した写真を提出できないことについてやむを得ない理由がある場合には、可能な限り新しい写真を提出してください。）

Ang litrato ay dapat na kinuha sa loob ng 6 na buwan bago ang petsa ng pagsusumite. (Kung may hindi maiiwasang dahilan kung bakit hindi ka makakapagsumite ng litratong kinunan sa loob ng nakaraang 6 na buwan, tulad ng hindi mo magawang kumuha ng litrato dahil sa pagkakaospital, mangyaring magsumite ng pinakabagong litrato hangga't maaari.)

- エ 旅券又は在留資格証明書を提示できない者にあつては、その理由を記載した書類 1 通
Kung hindi mo maipakita ang iyong pasaporte o sertipiko ng katayuan ng paninirahan, isang dokumentong nagsasaad ng dahilan 1 kopya

② 提示書類

Mga dokumentong ipapakita

- ア 中長期在留者にあつては、旅券及び在留カード

Para sa mid- to long-term na mga residente, pasaporte at residence card

- イ 特別永住者にあつては、旅券及び特別永住者証明書
Para sa mga espesyal na permanenteng residente, pasaporte at sertipiko ng espesyal na permanenteng residente
- ウ 中長期在留者及び特別永住者以外の者にあつては、旅券又は在留資格証明書
Para sa mga maliban sa nasa mid- to long-term na residente at espesyal na permanenteng residente, pasaporte o sertipiko ng katayuan ng paninirahan
(監理措置中の者にあつては、監理措置決定通知書)
(Para sa taong nasa ilalim ng pamamaraan ng pangangasiwa, isang paunawa ng desisyon sa pamamaraan ng pangangasiwa)
(仮放免中の者にあつては、仮放免許可書)
(Para sa mga nasa Pansamantalang Pagpapalaya, isang Sertipiko ng Pansamantalang Pagpapalaya)
- エ 仮上陸の許可、船舶観光上陸の許可、乗員上陸の許可、緊急上陸の許可、遭難による上陸の許可又は一時庇護のための上陸の許可を受けている者にあつては、当該許可書
Para sa mga taong may pansamantalang pahintulot sa paglapag, pahintulot sa paglapag ng turista sa barko, pahintulot sa paglapag ng mga tripulante, pahintulot ng emergency landing, pahintulot ng distress landing o pansamantalang pahintulot sa paglapag ng kanlungan, ang nauugnay na permit.

(4) 難民又は補完的保護対象者であることの立証

(4) Patunay ng katayuan ng refugee o komplementaryong proteksyon

難民等の認定は、申請者から提出された資料や申請者の供述等に基づいて行われます。したがって、申請者は、難民等であることについて自ら立証することが求められます。なお、資料（陳述書を含む。）が外国語で作成されているときは、その資料の訳文を添付してください。

Ang katayuan ng refugee atbp. ay tinutukoy batay sa mga dokumentong isinumite ng aplikante at kanilang mga pahayag, atbp. Samakatuwid, ang mga aplikante ay kinakailangang patunayan na sila ay mga refugee atbp. Kung ang mga dokumento (kabilang ang pahayag) ay nakasulat sa isang wikang banyaga, mangyaring maglakip ng pagsasalin ng mga dokumento.

申請者の提出した資料のみでは十分な立証が得られない場合には、難民調査官が公務所等に照会するなどして、申請者の申し立てる事実の有無について調査し、難民等の認定が適正に行われるように努めます。

Kung ang mga dokumentong isinumite ng aplikante ay hindi sapat upang patunayan ang pahayag, ang mga refugee investigator ay magtatanong sa mga pampublikong tanggapan at iba pang institusyon upang siyasatin kung ang mga kapahayagan ng aplikante ay umiiral at gumawa ng mga pagsisikap upang matiyak na ang katayuan ng refugee ay kinikilala nang naaangkop.

2 仮滞在の許可

2 Pahintulot para sa Pansamantalang pananatili

不法滞在者等の在留資格未取得外国人から難民等認定申請があったときは、その者の法的地位の安定を図るため、当該外国人が本邦に上陸した日（本邦にある間に難民等となる事由が生じた者にあつては、その事実を知った日）から 6 か月以内に難民等認定申請を行ったものであること、迫害

を受けるおそれのあった領域から直接本邦に入ったものであることなどの一定の要件を満たす場合には、仮に本邦に滞在することを許可し、その間は退去強制手続が停止されます。

Kapag ang dayuhang mamamayan na walang katayuan ng paninirahan tulad ng ilegal na imigrante ay nag-aplay para sa katayuan ng refugee, siya ay pansamantalang pahihintulutan na manatili sa Japan at ang mga pamamaraan ng deportasyon ay masususpindi sa panahong iyon upang patatagin ang legal na katayuan niya, kung ang dayuhan ay nakakatugon sa ilang partikular na mga kinakailangan, tulad ng ang aplikasyon ay ginawa sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng paglapag sa Japan (o, sa kaso ng isang dayuhan na naging refugee habang nasa Japan, ang petsa ng pagkaalam ng katotohanang iyon), ang dayuhan ay direktang pumasok sa Japan mula sa lugar kung saan siya ay nasa panganib ng pag-uusig, at iba pa.

なお、仮滞在許可の判断は、難民等認定申請者から提出のあった難民・補完的保護対象者認定申請書等の書類により行いますので、別途、仮滞在許可のための申請は必要ありません。

Pakitandaan na ang desisyon na magbigay ng pansamantalang pahintulot sa pananatili ay gagawin batay sa mga dokumento tulad ng application form para sa katayuan ng refugee/komplementaryong proteksyon na isinumite ng aplikante, kaya hindi na kailangang mag-apply para sa pansamantalang pahintulot sa pananatili nang hiwalay.

(1) 仮滞在許可による滞在

(1) Pananatili sa ilalim ng Pahintulot para sa Pansamantalang pananatili

仮滞在許可を受けると一時的に退去強制手続が停止され、仮滞在期間の経過等により当該許可が終了するまでの間は、適法に本邦に滞在することができます。

Kung nakatanggap ka ng pahintulot para sa pansamantalang pamamalagi, pansamantalang masususpindi ang pamamaraan ng deportasyon at maaari kang manatili sa Japan nang legal hanggang sa matapos ang pahintulot dahil sa pag-expire ng pansamantalang panahon ng pananatili, atbp.

(2) 仮滞在許可書

(2) Pahintulot para sa Pansamantalang Pananatili

法務大臣が仮滞在の許可をした外国人には、仮滞在許可書が交付されます。

Ibibigay ang Pahintulot para sa Pansamantalang Pananatili sa mga dayuhang nabigyan ng pahintulot ng Ministro ng Hustisya upang pansamantalang manatili.

許可を受けている間は、この許可書を常に携帯する必要があります。

Habang nasa ilalim ng pahintulot na ito, dapat dalhin sa lahat ng oras ang pahintulot.

(3) 仮滞在期間及び同期間の延長

(3) Panahon ng pansamantalang pananatili at pagpapalawig ng panahong ito

仮滞在期間は、原則として6月です。

Ang panahon ng pansamantalang pananatili ay 6 na buwan sa prinsipyo.

仮滞在期間の更新申請は、許可期限の10日前から、申請者の住居地等を管轄する地方出入国在留管理局、支局及び出張所で受け付けています。また、申請書は、入管庁のホームページに掲載されているほか、各地方出入国在留管理局、支局及び出張所の窓口で配布しています。

Ang mga aplikasyon para sa pagpapalawig ng pansamantalang pananatili ay tinatanggap mula 10 araw bago ang petsa ng pag-expire sa Regional Immigration Bureau, sangay na tanggapan o lokal na tanggapan

ng imigrasyon na may hurisdiksyon sa lugar ng paninirahan ng aplikante, atbp. Bilang karagdagan, ang mga application form ay makukuha sa website ng Immigration Services Agency at makukuha rin sa mga counter ng bawat regional immigration bureau, sangay na tanggapan, at lokal na tanggapan.

地方出入国在留管理局・支局における窓口については、本案内の最終ページを参照してください。

Mangyaring sumangguni sa huling pahina ng gabay na ito para sa impormasyon sa mga counter sa rehiyonal na tanggapan ng imigrasyon at mga sangay na tanggapan.

- (4) 仮滞在許可の条件
- (4) Mga kundisyon para sa pahintulot sa pansamantalang pananatili

仮滞在許可を受けた者は、住居や行動範囲が制限されるほか、難民調査官から出頭の要請があった場合には、指定された日時、場所に出頭して、難民等認定手続へ協力する義務が課されるなど、種々の条件が付されます。

Ang mga dayuhan na nabigyan ng pahintulot sa pansamantalang pananatili ay napapailalim sa mga paghihigpit sa kanilang lugar ng paninirahan at saklaw ng paggalaw. Bilang karagdagan, ang iba't ibang mga kondisyon ay kalakip, tulad ng obligasyon na lumitaw sa isang tinukoy na petsa, oras at lugar kung hihilingin ng isang refugee investigator, at upang makipagtulungan sa pamamaraan ng pagkilala sa refugee atbp.

- (5) 報酬を受ける活動の許可
- (5) Pahintulot para sa mga aktibidad na may bayad

仮滞在の許可を受けた者が生計を維持するために必要な範囲で行う報酬を受ける活動について、相当と認められるときには許可される場合があります。

Ang mga dayuhan na nabigyan ng pahintulot para sa pansamantalang pananatili ay maaaring payagang sumali sa mga aktibidad na may bayad na kinakailangan upang mapanatili ang kanilang kabuhayan kung ang mga aktibidad ay itinuturing na naaangkop.

① 申請期間

Panahon ng aplikasyon

仮滞在許可を受けた日から当該許可の満了日までの間

Mula sa petsa ng pagtanggap ng pahintulot sa pansamantalang pananatili hanggang sa petsa ng pag-expire ng nasabing pahintulot

② 申請窓口

Tanggapan ng aplikasyon

申請者の住居地等を管轄する地方出入国在留管理局、支局及び出張所で行うことができます。

Maaaring mag-aplay sa Regional Immigration Bureau, sangay na tanggapan o lokal na tanggapan ng imigrasyon na may hurisdiksyon sa lugar ng paninirahan ng aplikante.

③ 申請に必要な書類

Mga dokumentong kinakailangan para sa aplikasyon

- ア 報酬を受ける活動許可申請書（入管庁のホームページに掲載されているほか、窓口でも配布しています。） 1 通
Application form para sa pahintulot na makisali sa mga aktibidad na may bayad (Ito ay makukuha sa website ng Immigration Services Agency at ibinibigay din ito sa counter.) 1 kopya
- イ 労働基準法第 15 条第 1 項及び同法施行規則第 5 条に基づき、労働者に交付される労働条件を明示する文書
Isang dokumento na malinaw na nagsasaad ng mga kondisyon sa pagtatrabaho at ibinibigay sa mga manggagawa batay sa Artikulo 15, Talata 1 ng Batas sa Pamantayan sa Paggawa at Artikulo 5 ng Mga Regulasyon sa Pagpapatupad ng parehong Batas.
- ウ 就業予定機関について、本邦内に本店又は事業所等があることを疎明する資料（パンフレット、登記事項証明書など）
Mga dokumento (mga brochure, sertipiko ng pagpaparehistro, atbp.) na nagpapatunay na ang institusyong balak mong magtrabaho ay may punong tanggapan o opisina ng negosyo sa Japan
- エ 就業予定機関の直近 3 ヶ月分の給与所得・退職所得等の所得税徴収高計算書の写し
Isang kopya ng income tax statement para sa huling tatlong buwan ng kita sa suweldo, kita sa pagreretiro, atbp. mula sa institusyon kung saan mo planong magtrabaho
- オ 申請者の収入又は資産を疎明する資料
Mga dokumentong nagpapatunay sa kita o mga ari-arian ng aplikante
- カ 同居者等の収入又は資産を疎明する資料（申請者と生計を一にする同居者等がいる場合）
Mga dokumentong nagpapatunay sa kita o mga ari-arian ng mga kasama sa bahay (kung may mga kasamang nakatira sa parehong sambayanan ng aplikante)
- キ 住居の賃貸借契約書の写し（賃貸借契約を締結している場合）
Isang kopya ng kontrata sa pag-upa para sa iyong tirahan (kung mayroon kang kontrata sa pag-upa)
- ク 各種団体や個人からの金銭援助を受けていること及び援助の内容を疎明する資料（各種団体や個人からの金銭援助を受けている場合）
Mga dokumentong nagpapatunay na nakatanggap ka ng tulong pinansyal mula sa iba't ibang organisasyon o indibidwal at ang mga detalye ng tulong na iyon (kung nakatanggap ka ng tulong pinansyal mula sa iba't ibang organisasyon o indibidwal)
- ケ 写真（写真の規格については、前記 1(3)の写真の要件を参照してください。）
Litrato (Mangyaring sumangguni sa Mga Kinakailangan sa Litrato sa 1(3) sa itaas para sa mga detalye ng mga litrato.)

④ 報酬を受ける活動の状況に関する届出

Abiso tungkol sa katayuan ng mga aktibidad na may bayad

報酬を受ける活動の許可を受けた者は、報酬を受ける活動の許可を受けた日又は直近の届出の日から6月を超えない範囲で、住居地等を管轄する地方出入国在留管理局、支局及び出張所に出頭し、「報酬を受ける活動の状況に関する届出書」（入管庁ホームページに掲載されているほか、窓口でも配布しています。）を提出しなければなりません。

Ang mga nakatanggap ng pahintulot na makisali sa mga aktibidad na may bayad ay dapat na pumunta sa Regional Immigration Bureau, sangay na tanggapan o lokal na tanggapan ng imigrasyon na may hurisdiksyon sa kanilang lugar ng paninirahan, atbp., sa loob ng anim na buwan mula sa petsa na nakatanggap sila ng pahintulot na makisali sa mga aktibidad na may bayad o ang petsa ng kanilang pinakahuling abiso, at magsumite ng "Abiso tungkol sa Katayuan ng mga Aktibidad na May Bayad" (naka-post ito sa website ng Immigration Services Agency at ibinibigay din ito sa counter).

(6) 仮滞在の許可の取消し

(6) Pagkansela ng pahintulot para sa pansamantalang pananatili

仮滞在の許可を受けた者がその付された条件に違反した場合、許可なく報酬を受ける活動を行った場合、不正に難民等認定を受ける目的で偽変造された資料を提出した場合、虚偽の陳述をした場合等には仮滞在の許可が取り消されることがあります。

Kung ang isang dayuhan na nabigyan ng pahintulot para sa pansamantalang pananatili ay lumalabag sa mga kundisyong nakalakip sa pahintulot, nagsasagawa ng mga aktibidad na may bayad nang walang pahintulot, nagsumite ng mga peke o binagong dokumento na may layuning mapanlinlang na makakuha ng katayangang refugee, o gumawa ng maling pahayag, ang pahintulot para sa pansamantalang pananatili ay maaaring bawiin.

3 難民認定証明書等の交付

3 Pagbibigay ng Sertipiko ng Pagkilala sa Refugee atbp.

法務大臣が難民であると認定した外国人には、難民認定証明書が交付され、補完的保護対象者であると認定した外国人には、補完的保護対象者認定証明書が交付されます。

Isang Sertipiko ng Pagkilala sa Refugee ay ibibigay sa sinumang dayuhan na kinikilala bilang refugee ng Ministro ng Hustisya at isang Sertipiko ng Pagkilala sa Taong Napapailalim sa Komplementaryong Proteksyon ay ibibigay sa dayuhang kinikilala bilang taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon.

難民認定申請を行った者が難民として認定されなかった場合でも、補完的保護対象者として認定された場合には、補完的保護対象者認定証明書が交付されます。

Kahit na ang isang tao ay hindi kinikilala bilang isang refugee, kung siya ay kinikilala bilang isang tao na napapailalim sa komplementaryong proteksyon, isang sertipiko ng pagkilala sa taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon ay ibibigay.

難民等としての各種の保護措置を受ける際に、難民等であることの証明を求められた場合には、これらの証明書を提示してください。

Kung hihilingin sa iyo na patunayan ang iyong katayuan sa refugee atbp. kapag nag-aaplay para sa iba't ibang mga hakbang sa proteksyon bilang isang refugee atbp., mangyaring ipakita ang mga sertipikong ito.

4 在留資格に係る許可

4 Pahintulot na may kaugnayan sa Katayuan ng Paninirahan

難民等として認定された外国人が在留資格未取得外国人であるときは、一定の退去強制事由に該当せず、かつ、一定の刑罰法令違反により懲役等に処されたことがないときなど、一定の要件を満たした場合には、定住者の在留資格が一律に付与されます。

Kung ang isang dayuhan na kinilala bilang isang refugee atbp. ay wala pang Katayuan ng Paninirahan, at nakakatugon sa ilang mga kinakailangan, tulad ng hindi napapailalim sa ilang partikular na dahilan para sa deportasyon at hindi nasentensiyahan ng pagkakulong dahil sa paglabag sa ilang partikular na batas sa kriminal, pantay na bibigyan siya ng Katayuan ng Paninirahan na Pangmatagalang Residente.

これにより、3月を超える在留期間となった外国人には在留カードが交付されます。

Dahil dito, bibigyan ng residence card sa mga dayuhang mamamayan na ang panahon ng pananatili ay lumampas sa 3 buwan.

第 4 審査請求 Seksyon 4: Kahilingan para sa pagsusuri

1 審査請求手続

1 Pamamaraan ng paghiling para sa pagsusuri

(1) 審査請求人

(1) Umaapela

難民等認定申請をしたものの認定されなかった外国人や難民等の認定を取り消された外国人は、法務大臣に対し、審査請求をすることができます。

Ang isang dayuhan na nag-apply para sa katayuan ng refugee atbp. ngunit tinanggihan, o na ang katayuan ng refugee atbp. ay binawi, ay maaaring humiling ng pagsusuri ng Ministro ng Hustisya.

(2) 審査請求ができる期間

(2) Panahon kung kailan maaaring gawin ang isang kahilingan para sa pagsusuri

審査請求期間は、難民等の認定をしない旨の通知又は難民等の認定を取り消した旨の通知を受けた日から 7 日以内となっています。ただし、天災その他やむを得ない理由があるときは、7 日経過後であっても審査請求をすることができます。

Ang panahon para sa paghiling ng pagsusuri ay sa loob ng 7 araw mula sa petsa ng pagtanggap ng abiso na ang iyong katayuan ng refugee atbp. ay hindi nakilala o ang iyong katayuan ng refugee atbp. ay binawi. Gayunpaman, kung may natural na sakuna o iba pang hindi maiiwasang dahilan, maaari kang humiling ng pagsusuri kahit na lumipas na ang 7 araw.

(3) 審査請求の窓口

(3) Tanggapan ng kahilingan sa pagsusuri

審査請求は、難民等認定申請の場合と同様、審査請求人の住居地等を管轄する地方出入国在留管理局、支局及び出張所で行うことができます。

Tulad ng mga aplikasyon para sa katayuan ng refugee atbp., ang mga kahilingan para sa pagsusuri ay maaaring gawin sa Regional Immigration Bureau, sangay na tanggapan, o lokal na tanggapan ng Imigrasyon na may hurisdiksyon sa lugar ng paninirahan ng umaapela.

なお、代理人による審査請求が認められるほか、必要書類を郵送して審査請求をすることもできます。地方出入国在留管理局・支局における審査請求窓口については、本案内の最終ページを参照してください。

Bilang karagdagan sa pagpapahintulot na gumawa ng kahilingan para sa pagsusuri sa pamamagitan ng isang ahente, maaari ka ring humiling para sa pagsusuri sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga kinakailangang dokumento. Mangyaring sumangguni sa huling pahina ng gabay na ito para sa impormasyon sa mga tanggapan ng kahilingan sa pagsusuri sa Regional Immigration Bureau at mga sangay na tanggapan.

(4) 審査請求に必要な書類

(4) Mga dokumentong kinakailangan para sa kahilingan ng pagsusuri

次の書類を提出してください。

Mangyaring isumite ang mga sumusunod na dokumento.

① 審査請求書（窓口に備え付けてあります。）

1 通

Application Form ng Kahilingan ng Pagsusuri (Nakalagay sa tanggapan)

1 kopya

② 審査請求の理由を立証する資料（陳述書でも差し支えありません。）

1 通

Mga dokumento upang patunayan ang dahilan para sa kahilingan para sa pagsusuri (isang pahayag ay katanggap-tanggap)

1 kopya

2 難民審査参与員

2 Mga Tagapayo sa Pagsusuri ng Refugee

難民審査参与員は、人格が高潔であって、審査請求に関し公正な判断をすることができ、かつ、法律又は国際情勢に関する学識経験を有する者のうちから任命されています。また、難民審査参与員を「審理員」とみなして行政不服審査法が適用され、難民審査参与員は審理を主宰し法務大臣に意見を述べることでなっています。なお、法務大臣は、審査請求の裁決に当たっては、難民審査参与員の意見を聴かなければならないこととされています。

Ang mga tagapayo sa pagsusuri ng refugee ay hinirang mula sa mga taong may mataas na moral, na may kakayahang gumawa ng patas na paghatol tungkol sa mga aplikasyon para sa pagsusuri, at may akademiko at praktikal na karanasan sa batas o internasyonal na mga gawain. Bilang karagdagan, ang Administrative Appeal Act ay nalalapat sa mga refugee review counselor, na itinuturing na "mga tagapayo", at namumuno sa mga pagdinig at nagpapahayag ng kanilang mga opinyon sa Ministro ng Hustisya. At dapat igalang ng Ministro ng Hustisya ang mga opinyon ng mga tagapayo sa pagsusuri ng refugee kapag gumagawa ng desisyon sa aplikasyon para sa pagsusuri.

3 法務大臣の裁決

3 Pagpapasya ng Ministro ng Hustisya

法務大臣が、審査請求には理由がある旨の裁決をし、難民又は補完的保護対象者と認定された外国人には、それぞれ難民認定証明書又は補完的保護対象者認定証明書が交付されます。

Kung ang Ministro ng Hustisya ay gumawa ng desisyon na ang kahilingan para sa pagsusuri ay makatwiran, ang dayuhan na kinikilala bilang isang refugee o isang taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon at bibigyan ng Sertipiko ng Katayuan ng Refugee o Sertipiko ng Taong Napapailalim sa Komplementaryong Proteksyon, ayon sa pagkakabanggit.

難民等として認められた外国人が在留資格未取得外国人であるときは、一定の退去強制事由に該当せず、かつ、一定の刑罰法令違反により懲役等に処されたことがないときなど、一定の要件を満たした場合には、定住者の在留資格が付与されます。

Kung ang isang dayuhan na kinilala bilang isang refugee atbp. ay wala pang Katayuan ng Paninirahan, at nakakatugon sa ilang mga kinakailangan, tulad ng hindi napapailalim sa ilang partikular na dahilan para sa

deportasyon at hindi nasentensiyahan ng pagkakulong dahil sa paglabag sa ilang partikular na batas sa kriminal, bibigyan siya ng Katayuan ng Paninirahan na Pangmatagalang Residente.

これにより、3月を超える在留期間となった外国人には在留カードが交付されます。

Dahil dito, bibigyan ng residence card sa mga dayuhang mamamayan na ang panahon ng pananatili ay lumampas sa 3 buwan.

第 5 難民旅行証明書 Seksyon 5: Refugee Travel Document

難民の認定を受けて在留している外国人が日本から出国しようとするときは、法務大臣から難民旅行証明書の交付を受けることができます。

Kapag ang isang dayuhang naninirahan sa Japan na kinilala bilang isang refugee ay gustong umalis ng bansa, maaari siyang makatanggap ng isang refugee travel document mula sa Ministo ng Hustisya.

1 申請窓口

1 Tanggapan ng Aplikasyon

難民旅行証明書の交付申請の窓口は、難民認定申請の窓口（第 3 の 1 の（2）参照。）と同じです。申請は本人出頭が原則ですが、申請者が 16 歳未満の場合や病気その他の理由により自ら出頭することができない場合は、父母、配偶者、子又は親族がその者に代わって申請を行うことができます。この場合において、代理申請者は、旅券、在留カード等、出生証明書、住民票の写し等代理資格を疎明する資料を提示してください。

Ang tanggapan ng aplikasyon para sa pag-isyu ng isang dokumento sa paglalakbay ng refugee ay kapareho ng tanggapan ng aplikasyon para sa pagkilala ng refugee (tingnan ang Seksyon 3.1(2)). Sa prinsipyo, ang mga aplikasyon ay dapat gawin nang personal; gayunpaman, kung ang isang aplikante ay wala pang 16 taong gulang o hindi makaharap nang personal dahil sa sakit o iba pang dahilan, maaaring mag-aplay ang isang magulang, asawa, anak o ibang kamag-anak para sa aplikante. Sa kasong ito, ang kinatawan na aplikante ay dapat magpakita ng mga dokumento tulad ng pasaporte, residence card, birth certificate, kopya ng resident registration, atbp., upang patunayan ang kanilang mga kwalipikasyon bilang kinatawan.

2 申請に必要な書類

2 Mga dokumentong kunapailangan para sa aplikasyon

(1) 提出書類

(1) Mga dokumentong isusumite

ア 難民旅行証明書交付申請書（入管庁ホームページに掲載されているほか、窓口でも配布しています。） 1 通

Application form para sa refugee travel document (Ito ay makukuha sa website ng Immigration Services Agency at ibinibigay din ito sa counter.) 1 kopya

イ 写真（提出の日前 6 か月以内に撮影された 4.5 cm × 3.5 cm の無帽、正面上半身のもので、裏面に氏名及び生年月日が記載されているもの。） 2 葉

Litrato (Isang 4.5 cm x 3.5 cm na litrato na kinunan sa loob ng anim na buwan bago ang petsa ng pagsusumite na nagpapakita sa itaas na bahagi ng katawan na walang sumbrero at ipinapakita ang harap na bahagi ng katawan, na may nakasulat na pangalan at petsa ng kapanganakan ng tao sa likod.) 2 piraso

ウ 難民旅行証明書（既に交付を受けている場合）

Refugee Travel Documento (Kung natanggapa mo na ang sertipiko)

エ 難民旅行証明書の交付を受けている者が同証明書を提出できない場合にあっては、その理由を記載した書類 1 通

Kung ang isang tao na nabigyan ng Refugee Travel Document ay hindi makapagsumite ng nsabing dokumento, isang dokumentong nagsasaad ng dahilan 1 kopya

オ 旅券又は在留資格証明書を提示できない者にあっては、その理由を記載した書類 1 通

Kung hindi maipakita ang pasaporte o sertipiko ng katayuan ng paninirahan, isang dokumentong nagsasaad ng dahilan 1 kopya

(2) 提示書類

(2) Mga dokumentong ipapakita

ア 難民認定証明書

Sertipiko ng Pagkilala sa Refugee

イ 中長期在留者にあっては、旅券（日本国政府の発行した難民旅行証明書を除く。）及び在留カード

Para sa mid-to long-term na mga residente, pasaporte (hindi kasama ang isang refugee travel document na ibinigay ng gobyerno ng Japan) at residence card

ウ 特別永住者にあっては、旅券及び特別永住者証明書

Para sa mga espesyal na permanenteng residente, pasaporte at sertipiko ng espesyal na permanenteng residente

エ 中長期在留者及び特別永住者以外の者にあっては、旅券又は在留資格証明書

Para sa mga maliban sa mid-to long-term na mga residente at espesyal na permanenteng residente, pasaporte o sertipiko ng katayuan ng paninirahan

(注) 代理申請の場合であっても、申請者本人の在留カードや旅券などの提示が必要になります。代理人が在留カードや旅券などを預かっている間、代理人はこれらの写しを作成し、適宜、代理人の氏名及び代理人による手続中である旨を記載の上、申請者にこれらの写しを携帯させるようにしてください。

(Tanda) Kahit ang aplikasyon ay ginawa ng isang kinatawan, ang mismong aplikante ay dapat magpakita ng kaniyang residence card, pasaporte, atbp. Habang hawak ng kinatawan ang residence card, pasaporte, atbp. ng aplikante, ang kinatawan ay dapat gumawa ng mga kopya ng mga dokumentong ito at kung naaangkop, ipahiwatig ang pangalan ng kinatawan at ang katotohanan na ang pamamaraan ay isinasagawa ng isang kinatawan, at hayaang magdala ang aplikante ng mga kopya ng mga dokumentong ito.

3 難民旅行証明書の有効期間

3 Bisa ng Refugee Travel Document

難民旅行証明書の有効期間は、難民旅行証明書の発行の日から 5 年です。有効期間中は、原則として何度でも日本から出国し、日本に再入国することができます。ただし、日本での在留期間の残りが 5 年未満の場合等で、難民旅行証明書の有効期間とは別に「日本に入国できる期限」が定められているときは、その期限までに日本に再入国しなければなりません。日本に再入国できる期限は、難民旅行証明書の 3 ページに記載されていますので、必ずこれを確認し、難民旅行証明書の有効期

間と混同することのないように注意してください。

Ang bisa ng Refugee Travel Document ay 5 taon mula sa araw ng pag-isyu nito. Bilang isang pangkalahatang tuntunin, maaari kang umalis at muling pumasok sa Japan kahit ilang beses habang may bisa ang Refugee Travel Document. Gayunpaman, kung wala nang 5 taon ang natitira ang panahon ng pananatili mo sa Japan, at mayroong "deadline para sa pagpasok sa Japan" na itinakda nang hiwalay sa bisa ng Refugee Travel Document, dapat kang muling pumasok sa Japan bago ang deadline na iyon. Ang deadline para sa muling pagpasok sa Japan ay nakasaad sa pahina 3 ng Refugee Travel Document, kaya siguraduhing suriin ito at huwag ipagkamali ito sa bisa ng Refugee Travel Document.

4 手数料

4 Bayad

難民旅行証明書の交付を受ける際には、所要の額を納付しなければなりません。また、外国で難民旅行証明書の有効期間の延長手続を行う場合にも、所要の手数料をその国の通貨で納付しなければなりません。

Kapag natanggap mo ang iyong Refugee Travel Document, dapat mong bayaran ang kinakailangang halaga. Bilang karagdagan, kapag nag-aaplay para sa pagpapalawig ng panahon ng bisa ng Refugee Travel sa ibang bansa, ang kinakailangang bayad ay dapat bayaran sa pera ng bansang iyon.

第 6 一時庇護のための上陸許可 Seksyon 6: Pansamantalang pahintulot sa paglapag ng refugee

一時庇護のための上陸許可は、船舶等に乗っている外国人が難民条約に規定する理由その他これに準ずる理由により、難民に該当する可能性がある場合、又は船舶等に乗っている外国人が補完的保護対象者に該当する可能性がある場合であって、その外国人を一時的に上陸させることが相当であると思料するときに、入国審査官が許可するもので、これは、「国が取り急ぎ保護する（領土的庇護）」ための緊急措置として与えられるものです。

Ang pansamantalang pahintulot sa paglapag ng refugee ay ibinibigay ng isang inspektor ng imigrasyon kapag ang isang dayuhang nakasakay sa isang sasakyang-dagat o iba pang naturang sasakyang-dagat ay maaaring ituring na isang refugee para sa mga kadahilanang itinakda sa Refugee Convention o para sa iba pang katulad na mga kadahilanan, o kapag ang isang dayuhan na nakasakay sa isang sasakyang-dagat o iba pang naturang sasakyang-dagat ay maaaring ituring na isang taong karapat-dapat para sa komplementaryong proteksyon, at kapag ito ay itinuturing na angkop na payagan ang dayuhan na pansamantalang bumaba. Ibinibigay ito bilang isang emerhensyang panukala “para sa estado na magbigay ng agarang proteksyon (teritoryal na asylum)”.

1 申請

1 Aplikasyon

(1) 対象者

(1) Taong naaangkop

船舶又は航空機に乗っている外国人

Mga dayuhang nakasakay sa isang sasakyang-dagat o sasakyang-pamhimpapawid

(2) 申請方法

(2) Paraan ng aplikasyon

到着した空海港に所在する出入国在留管理官署において、申請者本人が自ら申請してください。ただし、申請者が 16 歳未満である場合や病気その他の理由により自ら申請できない場合は、申請者に同行する父母、配偶者、子又は親族その他の同行者等が代わって申請を行うことができます。

Ang aplikante ay dapat mag-apply nang personal sa tanggapan ng imigrasyon sa paliparan o daungan ng pagdating. Gayunpaman, kung ang aplikante ay wala pang 16 taong gulang o hindi makapag-apply nang personal dahil sa sakit o iba pang dahilan, maaaring mag-apply ang isang magulang, asawa, anak, kamag-anak o iba pang kasamang taong kasama ng aplikante para sa kanya.

2 申請に必要な書類

2 Mga dokumentong kinakailangan para sa aplikasyon

(1) 提出書類

(1) Mga dokumentong isusumite

ア 外国人入国記録（通常 E/D カードと呼ばれています。航空機内で配布される場合もありますが、空港の場合であれば、航空会社のカウンターや入国審査ブースで入手することができます。） 1 通

Disembarkation Card for Foreigners (Karaniwang tinatawag ito na E/D Card. Maaari itong ipamigay sa loob ng eroplano, makukuha rin ito sa counter ng kompanya ng airline o sa booth ng Imigrasyon sa Paliparan.) 1 kopya

イ 申告書（身分事項や申請の理由等を記載するもので、空海港に所在する出入国在留管理官署で配布しています。） 1 通

Deklarasyon (Inilista dito ang personal na impormasyon at ang dahilan ng aplikasyon, at makukuha ito sa Immigration Bureau sa mga paliparan at daungan. 1 kopya

ウ 写真（所持している場合） 2 葉
Litrato (Kung mayroon) 2 piraso

エ 庇護を求める理由があることを証明する資料（所持している場合） 1 通
Mga dokumentong nagpapatunay na may dahilan ka upang humingi ng kanlungan (Kung mayroon) 1 kopya

(2) 提示書類

(2) Mga dokumentong ipapakita

ア 旅券等の渡航文書（所持している場合）
Pasaporte o iba pang mga dokumento sa paglalakbay (kung mayroon)

イ 身分を証明する文書（所持している場合）
Dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan (kung mayroon)

3 一時庇護許可書の交付

3 Pag-isyu ng Pahintulot sa Pansamantalang Kanlungan

審査の結果、一時庇護のための上陸が許可された場合は、一時庇護許可書が交付されます。同許可書には、上陸期間、住居及び行動範囲等の上陸のための条件が記載されます。

Kung pinahihintulutan ang paglapag para sa pansamantalang kanlungan bilang resulta ng pagsusuri, bibigyan ng Pahintulot sa pansamantalang kanlungan. Ang permit ay magsasaad ng mga kondisyon para sa landing, tulad ng tagal ng landing, paninirahan at sakop ng mga aktibidad.

付録 難民認定手続・補完的保護対象者認定手続図解

Apendiks: Diagram ng pamamaraan ng pagkilala sa refugee at pamamaraan ng pagkilala sa taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon





Diagram ng pamamaraan ng pagkilala sa refugee at pamamaraan ng pagkilala sa taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon



(難民認定申請及び補完的保護対象者認定申請の窓口)

(Tanggapan ng aplikasyon sa pagkilala sa refugee at pagkilala sa taong napapailalim sa komplementaryong proteksyon)

札幌出入国在留管理局 Sapporo Immigration Bureau	審査部門 Departamento ng Pagsusuri
仙台出入国在留管理局 Sendai Immigration Bureau	審査第一部門 Dibisyon 1 ng Departamento ng Pagsusuri
東京出入国在留管理局 Tokyo Immigration Bureau	難民調査第一部門 Dibisyon 1 ng Deparmamento ng Pagsisiyasat ng Refugee
成田空港支局 Tanggapan ng Sangay ng Narita Airport	審査管理部門 Departamento ng Pamamahala ng Pagsusuri
羽田空港支局 Sangay ng Haneda Airport	審査管理部門 Departamento ng Pamamahala ng Pagsusuri
横浜支局 Sangay ng Yokohama	就労・永住審査部門 Departamento ng Pagtatrabaho at Pagsusuri ng Permanenteng Paninirahan
名古屋出入国在留管理局 Nagoya Immigration Bureau	難民調査部門 Departamento ng Pagsiyasat ng Refugee
中部空港支局 Tanggapan ng Sangay ng Chubu Airport	審査管理部門 Departamento ng Pamamahala ng Pagsusuri
大阪出入国在留管理局 Osaka Immigration Bureau	永住審査部門 Departamento ng Pagsusuri ng Permanenteng Paninirahan
関西空港支局 Tanggapan ng Sangay ng Kansai Airport	審査管理部門 Departamento ng Pamamahala ng Pagsusuri
神戸支局 Sangay ng Kobe	審査部門 Departamento ng Pagsusuri
広島出入国在留管理局 Hiroshima Immigration Bureau	就労・永住審査部門 Departamento ng Pagtatrabaho at Pagsusuri ng Permanenteng Paninirahan
高松出入国在留管理局 Takamatsu Immigration Bureau	審査部門 Departamento ng Pagsusuri
福岡出入国在留管理局 Fukuoka Immigration Bureau	審査管理部門 Departamento ng Pamamahala ng Pagsusuri
那覇支局 Sangay ng Naha	審査部門 Departamento ng Pagsusuri

(審査請求の窓口)

(Tanggapan ng paghiling para sa pagsusuri)

札幌出入国在留管理局 Sapporo Immigration Bureau	審査部門 Departamento ng Pagsusuri
仙台出入国在留管理局 Sendai Immigration Bureau	審査第二部門 Dibisyon 2 ng Departamento ng Pagsusuri
東京出入国在留管理局 Tokyo Immigration Bureau	難民審判部門 Departamento ng Paghatol ng Refugee
成田空港支局 Tanggapan ng Sangay ng Narita Airport	第二審判部門 Dibisyon 2 ng Departamento ng Paghatol
羽田空港支局 Sangay ng Haneda Airport	審判部門 Departamento ng Paghatol
横浜支局 Sangay ng Yokohama	審判部門 Departamento ng Paghatol
名古屋出入国在留管理局 Nagoya Immigration Bureau	難民審判部門 Departamento ng Paghatol ng Refugee
中部空港支局 Tanggapan ng Sangay ng Chubu Airport	審査管理部門 Departamento ng Pamamahala ng Pagsusuri
大阪出入国在留管理局 Osaka Immigration Bureau	審判部門 Departamento ng Paghatol
関西空港支局 Tanggapan ng Sangay ng Kansai Airport	審判部門 Departamento ng Paghatol
神戸支局 Sangay ng Kobe	審査部門 Departamento ng Pagsusuri
広島出入国在留管理局 Hiroshima Immigration Bureau	審判部門 Departamento ng Paghatol
高松出入国在留管理局 Takamatsu Immigration Bureau	審査部門 Departamento ng Pagsusuri
福岡出入国在留管理局 Fukuoka Immigration Bureau	審判部門 Departamento ng Paghatol
那覇支局 Sangay ng Naha	審査部門 Departamento ng Pagsusuri